

Ang Gifu International Takumi Academy ay isang public vocational proficiency development center kung saan matututo ng praktikal na kasanayan, pamamaraan at kadalubhasaan.

Layunin ng Takumi Academy na humubog ng mga taong mapagkakatiwalaang gumawa ng magandang trabaho anumang oras, marunong makipag kapwa tao, at mayroong mataas na kakayahan at naaayong dalubhasang kaalaman upang maging propesyonal sa kanilang napiling larangan. Ito ay alinsunod sa pagpapahalaga sa pinakadiwa ng "paggawa" gamit ng sariling kamay, at naka pokus sa praktikal na edukasyon.

International Takumi Academy

Gifu kenritsu Kokusai Takumi Academy

Technical Institute

Shokugyo Noryoku Kaihatsu Tanki Daigakko



Industrial Technology Course

Production Engineering Course



Tagal ng Kurso 2 Taon

Kapasidad ng Recruitment 20 ka tao

Para sa nagplapanong magtrabaho sa mechanical system field at layunin maging manufacturing technician!

Ito ay isang 'general course' para sa epektibong produksyon ng mga bagay. Sa kursong ito, sinasanay ang mga technician na kayanin bagtasin ang agwat ng disenyo at pagmamamupaktura sa pamamagitan ng mga serye ng praktikal na pagsasanay, mula sa pag-disenyo at drafting/ CAD (Computer-aided Design) hanggang sa paggamit, assembly, measurement at control ng makina na ginagamit sa paggawa ng mga parts o produkto.

Pagka graduate

Magkakaroon kayo ng ugnayan sa malawak na larangan ng mechanical processing at product design; magiging aktibo kayo sa manufacturing technology at production department ng mga kumpanya na may kaugnayan sa makina.

Eligible para sa

- Quality Control (QC) Test 3rd Class
- Skill Test (2nd at 3rd Class Mechanical System Maintenance Work)

Mga lisensiya na maaaring makuha habang nag-aaral

- Skill Test (2nd at 3rd Class)
 - ① Mechanical drawing CAD work, mechanical drafting work
 - ② Ordinaryong operasyon ng makinang paghuhulma/ pagpuputol ng metal, atbp
 - ③ Machine Inspection

Architecture Course



Tagal ng Kurso 2 Taon

Kapasidad ng Recruitment 20 ka tao

Pag-aaralan ang pangkalahatang proseso ng disenyo hanggang pagpapatayo ng gusali na naka sentro sa on-site construction

Sa Architecture Course, binibigyan-diin ang pagtrabaho gamit ang mga kamay at naniniwalang dito nagsisimula ang pag-aaral. Makakakuha ng mahalagang kaalaman at kasanayan na batayan hindi lamang sa paraan ng konstruksyon ngunit pati na rin sa pamamahala ng disenyo at konstruksyon.

Upang makahulma ng taong tumutugon sa pangangailangan ng panahon, isinasa-isip namin ang needs-based curriculum na binibigay ng mga kaakibat naming kumpanya at sinasanay namin ang estudyante hindi lamang sa ekspertong kaalaman sa arkitektura ngunit pati na rin sa pundamental na abilidad bilang miyembro ng lipunan.

Pagka graduate

Gamit ang nakuhang lisensiya/ kwalipikasyon, magiging akitibo kayo sa iba't ibang larangan (tulad ng "disenyo" at "karpintero") na nakasentro sa "on-site supervision" na namamahala sa construction management na madaling pasukan din ng mga babaeng trabahador.

Eligible para sa

- 2nd Class Qualified Architect
- 2nd Class (Architecture/Civil) Construction Project Manager

Mga lisensiya na maaaring makuha habang nag-aaral

- 2nd at 3rd Class Architectural CAD(Computer-aided Design) Certification
- Skill test (2nd Class Carpenter Construction Work)

School Expenses	Industrial Technology Course	Architecture Course
Entrance Exam Fee	¥ 18,000	
Enrollment Fee	¥ 169,200	
Tuition Fee	¥ 237,600 / taon	
Materials Fee (mga kakailanganin pag pasok)	Approx. ¥ 110,000	Approx. ¥ 170,000

- Ang mag-aaral na may pinansyal na kadahilanan at nahihirapan magbayad ng matrikula ay maaaring makatanggap ng exemption sa matrikula.

Dormitory Fee	¥ 228,000 / taon
---------------	------------------

- Ito ay para sa mga mag-aaral na nahihirapan mag-commute ngunit walang kapansanan. Sarado ang paaralan at dorm ng Sabado, Linggo, pampublikong pista opisyal, atbp.

※ Maaaring magbago ang halaga.

タガログ語版

Para sa Impormasyon at mga Katanungan:



〒505-0004
岐阜県美濃加茂市蜂屋町上蜂屋3545-3
Gifu ken Minokamo shi Hachiya cho Kamihachiya 3545-3
TEL : 0574-25-2423
FAX : 0574-25-2489
E-mail : c23202@pref.gifu.lg.jp
URL : https://www.takumi.ac.jp/





Installation System Course

Sanitary Engineer Course



Tagal ng Kurso 1 Taon

Kapasidad ng Recruitment 10 ka tao

Kumuha ng kasanayan na importante sa pagpapanatili ng buhay (pagkabit ng linya ng tubig, kuryente, air conditioning at LPG)!

Sa Installation System Department, sa ligtas at mabisang paraan sinasanay ang mga teknisyen sa pagkabit ng tubig, kuryente, air conditioning, gas, atbp. na siyang pundasyon ng pang-araw-araw na buhay.

Pagka graduate

Gaganap ng aktibong papel sa kumpanya ng konstruksiyon bilang isang propesyonal na nagpoprotekta sa imprastruktura na mahalaga sa ating buhay at lipunan.

Eligible para sa

- Skill Test (2nd at 3rd Class Construction Plumbing Work)

Mga Eligibility na maaaring makuha habang nag-aaral

- 2nd Class Electrician
- Special training for operation of small vehicles used as construction machines
- Liquefied Petroleum Gas (LPG) Equipment Technician
- 2nd Class Plumbing Construction Management Technician

House Construction Course

Hangarin maging propesyonal sa paggawa ng bahay na gawa sa kahoy! Tamasin ang saya ng sariling gawa at ligaya ng paggawa kasama ng iba



Tagal ng Kurso 1 Taon

Kapasidad ng Recruitment 20 ka tao

Sa Department na ito, nakasentro ang pag-aaral sa "Practical Training for Making Wooden Houses". Ang mga mag-aaral ay karaniwan walang karanasan o mga taong nais magpalit ng trabaho. Pag-aaralan ang pundamental na kaalaman at kasanayan sa paggawa ng bahay na kahoy sa ligtas na pamamaraan. Hahasain din ang kinakailangang kaalaman sa pagtrabaho sa lipunan at palalawakin ang inyong kaalaman sa pamamagitan ng 'work experience' at 'on-the-job training'.

Pagka graduate

Magiging aktibo sa gawain na sinasamantalang ang kaalaman at kasanayan sa paggawa ng bahay kung saan sentro dito ang pagkarpintero ng bahay na gawang kahoy.

Eligible para sa

- Skill Test (2nd at 3rd Class Construction Carpentry)

Mga Lisensya na maaaring makuha habang nag-aaral

- Sling Handling Training Course (*tamakake*)
- Special training for operation of small vehicles used as construction machines
- Special training for scaffolds, etc.
- Work safety and health training for handling circular saws, and the like

Car Mechanic Course

Para sa mga nagplaplanong maging professional sa pag-assemble ng kotse, pag-aaralan ang pundamental na paggawa at pagbuo nito!



Tagal ng Kurso 2 Taon

Kapasidad ng Recruitment 20 ka tao

Sa Car Mechanic Course, pag-aaralan ang kinakailangang impormasyon at kasanayan upang makakuha ng 2nd Class Car Mechanic license. Ang paaralan, akreditado ng ministeryo ng Japan (MLIT), ay nagbibigay ng written exam pagkatapos makumpleto ang 2 taon na pagsasanay at malilibre pa sa pagkuha ng praktikal exam. Matututunan din ang pangunahing kaalaman ng istruktura at teknolohiya ng mga sasakyan, at sasanayin maging propesyonal sa pagpapanatili ng mga kotseng may pinakabagong teknolohiya tulad ng mga hybrid na kotse, atbp.

Pagka graduate

Bilang isang mekaniko ng sasakyan, pangunahing aktibo sa maintenance department ng mga car sales company.

Eligible para sa

- 2nd Class Gasoline Car Mechanic
- 2nd Class Diesel Car Mechanic

Mga Lisensya na maaaring makuha habang nag-aaral

- Gas welding skill training
- Special training sa pagpuno ng hangin sa gulong
- Special training sa Arc welding, atbp.
- Tagasuri ng Second-hand na sasakyan (maliliit na sasakyan)
- Special education sa paghawak ng electric cars, atbp.

Tuition fees, atbp.	Installation System Course (<i>Setsubi System ka</i>)	Residential Construction Course (<i>Jutaku Kenchiku ka</i>)	Auto Mechanic Course (<i>Jidosha Engineer ka</i>)
Entrance examination fee	LIBRE	LIBRE	¥ 2,200
Enrollment fee	LIBRE	LIBRE	¥ 5,650
Tuition fee	LIBRE	LIBRE	¥ 59,400/ taon
Materials fee (mga kakailanganin pag pasok)	Approx. ¥ 110,000	Approx. ¥ 150,000	Approx. ¥ 130,000

● Ito ay para sa mag-aaral na may pinansyal na kadahilanan at nahihirapan magbayad ng matrikula o sa mga taong papasok sa paaralan pagkatapos matanggap ang mga tagubilin mula sa Public Employment Security Office noong dumalo sa pampublikong bokasyonal na pagsasanay.